1

UNANG MARKAHAN

# MTB - MLE

LIVEWORKSHEETS

# Aralin 2

**Aralin 2: Mga Salitang Magkasintunog o Magkatugma**

**A. Panimula**

- **Alamin Natin**
  Pagkatapos ng araling ito, inaasahang matututuhan mo ang mga salitang magkasintunog o magkatugma.

- **Tuklasin Natin: Awitin Mo**
  Narito ang awiting "Pen-pen de Sarapen". I-click mo ang video sa ibaba para mapakinggan ang awit at sabayan mo ito.

  Video Link: *https://www.youtube.com/watch?v=vYoTYV73jcc*

  Ano ang iyong naramdaman habang inaawit o sinasabayan ang awit?
  Ano ang iyong napansin sa mga salita na nasa awit?

**B. Pagpapaunlad**

- **Suriin Natin: Salitang Magkasintunog o Magkatugma**

Pen pen de sarapen
De kutsilyo de almasen
Haw-haw de carabao
batuten
Sipit, namimilipit
Ginto't pilak namumulaklak
Sa tabi ng dagat
Sayang **pula** tatlong **pera**
Sayang **puti** tatlong **salapi**.
Sawsaw sa **suka** mahuli **taya**.

Ano ang napansin mo sa pagkakasulat ng mga salita sa awit?
Kumuha ka ng papel. Isulat mo nang magkakasama ang salitang magkakapareho ng kulay.

Ngayong tapos mo na isulat ang mga salitang magkapareho ng kulay, basahin mo naman ngayon ang sumusunod sa salita.

LIVEWORKSHEETS

pul**a**-per**a**
put**i**-salap**i**
suk**a**-tay**a**
pi**lak**-namumulak**lak** si**pit**-
namimili**pit**
sarap**en**-almas**en**
hawh**aw** – saws**aw**

Pagkatapos mong basahin ang magkasamang salita sa itaas, may napansin ka ba sa tunog sa bawat hulihan ng mga salita? Alam mo ba? Ang mga tunog sa hulihan ng magkasamang salita na iyong binasa ay magkapareho ng tunog. Kapag ang salita ay may parehong tunog sa hulihan tinatawag itong **salitang magkatugma.**

**Gawain 2.1: Magkatugma o Hindi Magkatugma?**

Panuto: Basahin ang pangalan ng larawan. Piliin kung ito ay magkatugma o hindi magkatugma.

**1.**




LIVEWORKSHEETS

2.




Sagutin Mo!

- ○ Magkatugma
- ○ Hindi Magkatugma

3.




Sagutin Mo!

- ○ Magkatugma
- ○ Hindi Magkatugma

LIVEWORKSHEETS

4.




Sagutin Mo!

○ Magkatugma

○ Hindi Magkatugma

5.




Sagutin Mo!

○ Magkatugma

○ Hindi Magkatugma

LIVEWORKSHEETS

- **Gawain 2.2: Sagot Mo, I-drag Mo**
  Panuto: Piliin sa loob ng bulaklak ang salitang katugma ng mga salita sa bawat bilang.




1. lote ______________
2. baso ______________
3. sipit ______________
4. ipis ______________
5. kangkong ______________

- **Gawain 2.3: Pares-pares**
  Panuto: Hanapin ang magkaparehas na larawan na magkasintunog na salita.




LIVEWORKSHEETS

## D. Paglalapat

**□ Gawain 2.4: Piliin ang Katugma**

Panuto: Piliin ang salitang katugma ng nasa larawan.

1.




**a. dahon**

**b. patis**

**c. araw**

2.




**a. dahon**

**b. patis**

**c. bata**

3.




**a. dahon**

**b. patis**

**c. araw**

LIVEWORKSHEETS

4.




a. dahon

b. patis

c. araw

5.




a. dahon

b. patis

c. gulong

## *Isaisip Natin*

Salitang Magkatugma o Magkatunog ang tawag kapag ang mga salita ay may parehong tunog sa hulihan.

LIVEWORKSHEETS

LIVEWORKSHEETS